


ANG SALITA NG DIYOS



ISANG CORSO PARA SA CORRESPONDENCE STUDY

Tagalog: John Lesson

Mahal na Mag-aaral,

Isang kaligayahan ang ihandog sa iyo ang kursong ito ng Salita ng Diyos. Ang aklat mo sa pag-aaral ay ang Ebanghelyo ayon kay Juan. Isinasalaysay nito ang buhay ng ating Panginoon na si Jesu-Cristo. Umaasa kami na ang kurso ay magbibigay ng kasiyahan sa iyo at makakatulong sa iyong buhay.

Ang kurso ay may bahagi ng mga pagsusulit sa gitna ng aklat na ito. Sa pahina 2 ng mga pagsusulit ay matatagpuan mo ang mga detalyadong panuto para sa pag-aaral ng kursong ito.

NANG DUMATING ANG DIYOS SA SANLIBUTAN

Mga Panuto Sa Mag-aaral:

1. Basahin ang Ebanghelyo ni Juan, kapitulo 1, bersikulo 1 hanggang 18.
2. Basahin ang aralin sa pahinang ito.
3. Sagutin ang mga tanong sa Pagsusulit 1.

Sa aklat na ito nagsasabi si Juan tungkol sa buhay ng ating Panginoong Jesu-Cristo. Ang Anak ng Diyos ay dumating sa sanlibutang ito upang magsalita tungkol sa Kaniyang Ama. Si Cristo ay tinaway na Salita ng Diyos sapagkat nagsasalita ang Diyos sa tao sa pamamagitan ni Cristo bilang tagapagsalita Niya. Kung nakikinig tayo sa tinig ni Cristo sa aklat na ito, tayo ay nakikinig sa Salita ng Diyos.

BAGO DUMATING ANG SALITA NG DIYOS, bersikulo 1-5

Hindi natin alam kung ano ang eksaktong araw noong ginawa ng Diyos ang sanlibutan. Nangyari ito maraming panahon na ang nakalilipas. Bago pa naganap ito, ang Salita ay kasama na ng Diyos. Tinatawag ding Anak ng Diyos ang Salita. Mula sa pasimula, ang Salita ay kasama ng Diyos.

Walang sinumang gumawa sa Diyos. Siya ay walang pasimula. Hindi ginawa ng Diyos ang Anak. Ang Salitang mula sa pasimula ay kasama ng Diyos ay tinatawag ding Anak ng Diyos. Ginawa ng Diyos ang lahat. Ginawa ng Diyos ang lahat ng mga bagay na nakikita at di-nakikita. Lahat ng mga bagay ay ginawa ng Diyos Anak, bersikulo 3. Sa paraang ito, nakikita natin na hindi ginawa ng Diyos ang Anak. Nakikita rin natin na ginawa ng Anak ang lahat ng mga bagay na nabubuhay.

Ang Salita ay tinatawag ding ang Liwanag sapagkat ipinapakita o ipinapahayag Niya sa mga tao ang daan tungo sa Diyos.

NANG DUMATING AND SALITA NG DIYOS SA SANLIBUTAN, bersikulo 6-18

Kung ang isang dakilang hari ay nag-iisip maglakbay, nagsusugo muna siya ng isang lingkod o kinatawan upang ipaalam ang kaniyang pagdating. Nang isugo ng Diyos ang Salita sa sanlibutang ito, nauuang isugo si Juan na

Bautista para sabihin sa mga tao ang tungkol sa pagdating ng Anak ng Diyos, bersikulo 6. Siya ay hindi ang Liwanag ngunit isinugo siya upang patotohanan ang Liwanag. Ninais niya na ang lahat ay manampalataya kay Cristo.

Ang sanlibutan ay ginawa ni Cristo, ang Anak ng Diyos. Gayon pa man, noong Siya ay dumating sa sanlibutan, hindi Siya tinanggap o kinilala ng sariling Kaniya. Datapuwa't ang mga tumanggap sa Kaniya at ang mga tumatanggap sa Kaniya sa panahong ito ay ginagawang mga anak ng Diyos. Para maranasan o matanggap ang bagong kapanganakan bilang anak ng Diyos, kinakailangang tanggapin si Cristo. Ito ay ang pananampalataya sa Kaniyang pangalan. Ibinigay sa lahat ng mga nananampalataya sa pangalan Niya ang kapangyarihan na maging mga lalaking anak ng Diyos, bersikulo 12. Kahit na ang mga sariling magulang ng isang tao ay mga anak ng Diyos, hindi ito nangangahulugan na ang kanilang supling ay ginagawang anak ng Diyos. Hindi maaring gawing anak ng Diyos ng isang tao ang kaniyang sarili. Walang sinuman sa lupa ang makagagawa sa isang tao na maging anak ng Diyos. Tanging sa pamamagitan lamang ng pananampalataya at pagtanggap kay Cristo ginagawang anak ng Diyos ang isang tao.

“Sapagka't kayong lahat ay mga anak ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo” (Mga Taga-Galacia 3:26).

“Naging ipinanganak na muli, hindi sa nasisirang binhi, kundi sa di-nasisira, sa pamamagitan ng Salita ng Diyos, na nabubuhay at namamalagi magpakailanman” (1 Pedro 1:23).

“Na mga ipinanaganak hindi ng dugo, at ng kalooban ng laman, ni ng kalooban ng tao, kundi ng Diyos” (Juan 1:13).

ANG MGA DISIPULO NI CRISTO

Mga Panuto sa Mag-aaral:

1. Basahin ang Ebanghelyo ni Juan, kapitulo 1, bersikulo 19 hanggang kapitulo 2, bersikulo 25.
2. Basahin ang araling ito.
3. Sagutin ang mga tanong sa Pagsusulit 2.

Sa unang aralin nalaman natin na si Jesu-Cristo ang Anak ng Diyos. Siya rin ang Salita ng Diyos at ang Liwanag. Sa pamamagitan ng pagtanggap sa Kaniya at pananampalataya sa Kaniya, ang isang tao ay ginagawang anak ng Diyos.

NAGSASALITA SI JUAN SA MGA TAO TUNGKOL KAY CRISTO, kapitulo 1, bersikulo 19-34

May mga taong isinugo mula sa Jerusalem upang tanungin si Juan kung siya nga ba si Cristo. Ang sagot niya ay: “Ako ang tinig” (b. 23). Sinabi niya na dumating lamang siya upang ipahayag si Cristo sa mga tao. Nang sumunod na araw ay nakita ni Juan si Jesus at sinabi niya: “Masdan ang Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng kasalanan sa sanlibutan” (b. 29). Para alisin ang kasalanan, kinakailangang mamatay si Cristo bilang isang kordero. Ibinigay Niya ang Kaniyang buhay nang sa gayon ay hindi tayo mamatay para sa ating mga kasalanan. Sa dahilang ito ay tinawag ni Juan si Jesu-Cristo na Kordero ng Diyos. Alam niya na si Cristo ang Anak ng Diyos (b. 34).

ANG MGA UNANG DISIPULO NI CRISTO, kapitulo 1, bersikulo 35-51

Nang sinabi ni Juan na si Jesus ay nakakapag-alis ng mga kasalanan, may mga taong nagnais na sumunod kay Cristo. Malugod silang tinanggap ni Jesus (b. 39). Ang isa sa kanila ay si Andres. Dinala niya si Simon Pedro kay Cristo (bersikulo 14 at 42).

Nang sumunod na araw ay nakita ni Cristo si Felipe at sinabi sa kaniya: “Sumunod ka sa akin.” Tinawag ni Felipe si Natanael para lumapit kay Cristo. Kinilala ni Natanael na si Cristo ang Anak ng Diyos at Hari ng Israel. Narinig ng mga lalaking ito ang tawag ni Cristo at sumunod sila sa

Kaniya.

ANG UNANG TANDA, kapitulo 2

Tinawag si Jesus, ang Kaniyang ina na si Maria, at ang Kaniyang mga disipulo sa isang kasalan sa Cana ng Galilee. Kumuha si Jesus ng tubig at ginawang alak ito. Hindi ito magawa ni Maria kung kaya't sinabi niya sa Kaniyang mga disipulo, "Anuman ang Kaniyang sabihin sa inyo, gawin ito" (b. 5). Ginawa ni Jesus ang himalang ito bilang isang tanda sa mga disipulo Niya na Siya ang Anak ng Diyos. Kasunod nito ay gumawa Siya ng mas marami pang mga himala.

Pagkatapos ay pumunta ang Panginoon sa templo at itinaboy Niya ang mga gumagaway ng kalakal sa Templo ng Diyos. Sinabi Niya sa kanila na ibibigay Niya ang Kaniyang buhay at Siya ay muling mabubuhay. Marami ang nagsabi na sumasampalataya sila sa Kaniyang pangalan (b. 23), datapuwa't nalalaman ni Jesus kung ano ang nasa loob ng bawat tao. Kung ikaw ay tunay na sumasampalataya kay Cristo bilang Anak ng Diyos at Kordero ng Diyos, tatanggapin na Niya, at ginagawang anak ng Diyos.

ISANG MABUTING LALAKI AT ISANG MASAMANG BABAE

Mga Panuto sa Mag-aaral:

1. Basahin ang Ebanghelyo ni Juan, kapitulo 3 at 4.
2. Basahin ang araling ito.
3. Sagutin ang mga tanong sa Pagsusulit 3.

Dumating ang Anak ng Diyos sa sanlibutan upang tulungan ang sangkatauhan. Gumawa Siya ng malalaking himala nang sa gayon ay malaman ng lahat na Siya ay mula sa Diyos. Nagsalita Siya sa lahat tungkol sa pag-ibig ng Diyos at kung paano sila maliligtas.

ISANG PINUNO NG MGA JUDIO, kapitulo 3

Si Nicodemo ay isang napakabuting lalaki. Isa siyang guro ng relihiyon sa Israel at pinuno ng mga Judio. Nananalangin siya araw-araw at nagbibigay sa mga mahihirap. Naniniwala siya na ang mga bagay na ito ay nakalulugod sa Diyos. Ngunit sinabi ni Jesus, ang Salita ng Diyos; “Maliban na ang isang tao ay maipanganak na muli, siya ay hindi makakakita sa kaharian ng Diyos.” Nakita natin sa mga nakaraang aralin na ang tao ay ginagawang anak ng Diyos kung siya ay sumasampalataya kay Cristo at tinatanggap Siya bilang Tagapagligtas niya. Ito ay tinatawag na bagong kapanganakan dahil sa nangyayari ito sa ibang panahon pagkatapos na tayo ay ipanganak sa sanlibutang ito.

Hindi ito maunawaan ni Nicodemo. Ngunit nagsalita sa kaniya si Jesus tungkol sa pag-ibig ng Diyos at tinanggap niya ito. Sa bersikulo 16, sinasabi sa atin na ang pag-ibig ng Diyos ay napakadakila kung kaya’t ipinagkaloob Niya ang Kaniyang bugtong na isinilang na Anak para sa ating mga kasalanan. Tumatanggap ng walang-hanggang buhay ang sinumang naniniwala na si Jesus ang Anak ng Diyos. Hindi binibigyang-halaga kung gaano kabuti o karelihiyoso ang isang tao. Kinakailangan pa rin na siya ay maipanganak na muli. Inibig ka ng Diyos at ibinigay Niya ang Kaniyang Anak nang sa gayon ay magkaroon ka ng buhay sa Kaniya. Bakit hindi paniwalaan ang katotohanang ito at tanggapin Siya bilang iyong sariling Tagapagligtas?

Ninais ni Juan na Bautista na ang lahat ay sumunod kay Cristo. Sa tuwina, niluwalhati o nagbigay-luwalhati siya sa Diyos. Sinasabi sa bersikulo 36 na pinapatotohanan ng Diyos ang Kaniyang Sarili laban sa mga hindi sumasampalataya sa Kaniyang Anak.

SI CRISTO AY TINATANGGAP NG ISANG MAKASALANANG BABAE, kapitulo 4

Pagkaraan ay pumunta si Jesus sa Samaria. Siya ay napagod at humingi ng tubig na maiinom sa isang babae. Sa simula, siya ay hindi malugod. Sinabi Niya sa kaniya na Siya ay mabibigyan Niya ng buhay na tubig. Nais niya ang tubig ng buhay subalit kailangan muna niyang maunawaan na siya ay isang makasalanang (b. 18). Hangga't hindi kinikilala ng tao ang pangangailangan niya hindi siya makakalapit para humingi ng tulong kay Cristo. Sinabi ni Jesus sa kaniya na Siya ang tinatawag na Cristo (b. 25 at 26). Humayo siya agad at sinabi sa mga tao na nasumpungan niya si Cristo, ang Tagapagligtas.

Nagpunta kay Cristo ang isang lalaki at namanhik sa Kaniya na pagalingin ang anak niya (b. 47). Tunay na sumasampalataya ang lalaki na maibibigay ni Cristo ang kailangan ng anak niya, at siya nga ay pinagaling ng Panginoon. Iniibig ng Anak ng Diyos ang lahat ng mga tao at ibinigay Niya ang Kaniyang buhay upang maligtas sila.

Gusto mo bang maranasan na ipanganak na muli? Ayaw mo bang magkaroon ng Tubig ng Buhay?

TINUTULUNGAN NI CRISTO ANG MGA TAO

Mga Panuto sa Mag-aaral:

1. Basahin ang Ebanghelyo ni Juan, kapitulo 5 at 6
2. Basahin ang araling ito.
3. Sagutin ang mga tanong sa Pagsusulit 4.

Nakita na natin na dumating ang Anak ng Diyos sa sanlibutan upang gawin ang kalooban ng Diyos. Iniibig ng Diyos ang bawat isa. Nais ni Cristo na tulungan ang lahat. Sa araling ito, tinulungan ni Cristo ang isang lalaking 38 taon nang may karamdaman at pagkaraan ay pinakain Niya ang 5,000 tao.

Marami sa mga may karamdamang tao ang nasa malapit sa tipunang-tubig at naghihintay sa paggalaw ng tubig. May isang taong hindi makalakad at matagal nang naghihintay dahil sa wala siyang kasamang tao para tumulong sa kaniya. Ngunit siya ay binigyan ng Anak ng Diyos ng lakas na buhatin nag kaniyang higaan at lumakad nang mag-isa.

Ikinagalak ito ng lalaki. Ngunit ang mga Judio ay lubhang nabalisa dahil sa ang pagpapagaling ay nangyari sa araw ng Sabado, ang Sabbath, na banal araw para sa mga Judio. Sa panahong ito mabuting isaalang-alang ang Linggo bilang araw ng Panginoon at hindi araw ng paggawa. Datapuwa't ang Anak ng Diyos ay laging handang gumawa ng kabutihan sa alinmang sandali, anumang araw at saanmang dako. Sumagot si Jesus at sinabi Niya na ginagawa Niya ang nakikita Niyang ginagawa ng Kaniyang Ama (b. 19). Iniibig ng Ama ang Kaniyang Anak at binibigyan Niya ng kapangyarihang ibangon ang mga patay at hatulan ang lahat ng mga tao (b. 20-22).

Si Juan ay nagpatotoo sa katotohanan ni Cristo (b. 33). Ang mga gawa na ginanap ni Cristo ay nagpatotoo na Siya ang Anak ng Diyos (b. 36). Ang Diyos Ama ay nagpatotoo rin kay Cristo na Siya ay Kaniyang Anak at Tagapagligtas (b.37). Pinatitibayan din ng Kasulatan ang katotohanan na si Cristo ay Anak ng Diyos at Tagapagligtas (b. 38 at 39). Ang mga taong

hindi sumasampalataya kay Cristo bilang Anak ng Diyos ay hindi maliligtas.

PINAKAIN NI CRISTO ANG LIMANG LIBONG TAO, kapitulo 6

Nang walang makain ang mga tao, kumuha si Cristo ng limang bugong tinapay na sebada at dalawang maliliit ng isda at pinarami Niya ang mga ito kung kaya't sagana ang lahat. Nang makita ng mga tao ang himalang ito, sinabi nila na Siya ay isang propeta at tinangka nila na Siya ay sapilitang gawing hari. Sa panahong tio, marami ang handang sumunod kay Cristo kung nakakatanggap sila ng biyayang materyal o salapi. Subalit hindi tinatanggap ni Cristo ang mga taong mapagkunwari o ang mga taong may makasariling motibo o dahilan.

Pagkaraan ay lumakad sa ibabaw ng dagat si Cristo (b. 19). Walang nakakagawa ng ganitong mga himala kung wala ang Diyos. Sa dahilang ito, dapat tayong makinig at sumunod sa mga salita ni Cristo sa mga tao. Tanging ang Anak ng Diyos lamang ang nakakapagbigay ng walang-hanggang buhay (b. 35 at 47). Ibig ng ilang mga Judio ang Tinapay ng Buhay (b. 34), datapuwa't noong nagsalita nang mabigat si Jesus, hindi na sila nagpatuloy pa (b. 60 at 66). Pagkatapos ay tinanong ni Jesus ang Kaniyang mga disipulo kung sila rin ay lalayo. Sumagot si Pedro, "Panginoon, kanino kami magpupunta? iyong taglay ang mga salita ng walang-hanggang buhay" (b. 68). "At kami ay nananampalataya at nakatitiyak na ikaw ay ang Cristo, ang Anak ng buhay na Diyos" (b. 69). Kahit na maraming bagay ang hindi mo pa nauunawaan, manampalataya ka sa Kaniya at ikaw ay magkakaroon ng walang-hanggang buhay.

ANG TUBIG NG BUHAT AT ANG LIWANAG NG BUHAY

Mga Panuto sa Mag-aaral:

1. Basahin ang Ebanghelyo ni Juan, kapitulo 7 at 8.
2. Basahin ang araling ito.
3. Sagutin ang mga tanong sa Pagsusulit 5.

Ipinakita ni Jesus sa mga Judio na Siya ang Anak ng Diyos sa pamagitan ng Kaniyang malalaking himala. Gayon pa man, noong hindi nila naunawaan ang mga ilang salita Niya, sila ay hindi handang manampalataya sa Kaniya.

SI CRISTO AY NAGBIBIGAY NG TUBIG NG BUHAY

Ang mga kapatid ni Cristo (sumunod na mga anak na lalaki nina Jose at Maria) ay hindi naniwala sa Kaniya sa simula (b. 5). Hindi Siya sumama sa kanila sa kapistahan. Noong pumunta si Jesus sa Templo, Siya ay nagturo (b. 14). Sinabi ni Jesus, “Kung ang sinumang tao ay gagawin ang kaniyang kalooban, kaniyang malalaman ang doktrina, kung ito ay sa Diyos, o kung ako ay nagsasalita sa aking sarili” (b. 17). Ito ay nananatili pa rin na isang katotohanan hanggang sa kasalukuyang panahon! Malalaman mo at magagawa mo ang kalooban ng Diyos!

Sa huling araw ng kapistahan, sinabi ni Cristo na ibibigay Niya ang Tubig ng Buhay sa lahat ng mga lalapit sa Kaniya (b. 37). Sinabi rin Niya na kung may nananampalataya sa Kaniya, ang mga ilog ng buhay na tubig ay aagos mula sa taong iyon at tutungo sa mga ibang tao. Walang sinumang tao ang magiging tunay na maligaya kung wala si Cristo. Masasabi mo rin sa iba ang tungkol sa walang-hanggang buhay kung ikaw ay nananampalataya sa Kaniya.

May mga ilang naniniwala na si Jesus ay isang propeta lamang at hindi Siya ang Cristo. Ibig ng mga Fariseo na dakpin Siya. Datapuwa’t noong narinig nila ang Kaniyang mga Salita, sila ay nagsabi, “Wala pang taong nagsalita nakatulad ng taong ito.” Gusto mo ba ang sinabi ni Cristo? Manampalataya ka na ngayon sa Anak ng Diyos!

SI CRISTO AY NAGBIBIGAY NG LIWANAG SA SANLIBUTAN, kapitulo 8

Nagdala ang mga Fariseo ng isang makasalanang babae kay Jesus. Dahil sa kaniyang kasalanan, gusto nilang batuhin siya hanggang sa siya ay mamatay. Tinugon sila ni Jesus sa pamagitan ng pagsasabi na “Siya na walang kasalanan sa inyo, hayaan siyang unang bumato sa kaniya.” Sa mga taong naroon, tanging si Jesus lamang ang walang kasalanan, ngunit siya ay hindi Niya hinatulan. Siya ay dumating hindi upang humatol kundi upang magligtas, at sinabi Niya sa babae, “Humayo ka at huwag nang magkasala pa.”

Pagkatapos ay sinabi Niya, “Ako ay ang Liwanag ng Sanlibutan.” Ipinapakita sa atin ng tunay na liwanag ang mga kasalanan natin. Ipinapakita rin sa atin ang daan tungo sa Langit. Hindi tayo makakpunto sa Langit hangga’t hindi naalis ang ating mga kasalanan. Ipinapakita sa atin ni Cristo ang mga kasalanan natin datapuwa’t handa Siyang alisin ang mga ito.

Sinuman ang gumagawa ng kasalanan ay lingkod ng kasalanan (b. 34). Tato ay di-maaring hindi magkasala. Sinabi ni Jesus, “Ang katotohanan ang magpapalaya sa inyo” (b 32). Ibinigay sa atin ng Bibilia ang katotohanan ng Diyos at nagsasalita tungkol sa Anak ng Diyos. Ikaw ay isang makasalanan. Manampalataya ka sa katotohanan at tanggapin ang Anak. Ikaw ay mapapalaya!

ANG TAONG BULAG AT ANG MABUTING PASTOL

Mga Panuto sa Mag-aaral:

1. Basahin ang Ebanghelyo ni Juan, kapitulo 9 at 10.
2. Bashin ang araling ito.
3. Sagutin ang mga tanong sa Pagsusulit 6.

Nakita natin na si Jesus ang Salita, ang Anak ng Diyos, ang Kordero ng Diyos, at ang Liwanag ng Sanlibutan. Sa kapitulo 9, ibinibigay Niya ang liwanag sa isang taong isinilang na bulag.

TUMATANGGAP NG PANINGIN ANG ISANG TAONG BULAG,
kapitulo 9

Kailanman ay wala pang anumang nakikita ang isang taong bulag mula sa kaniyang pagkasilang. Hindi nakikita ng isang taong makasalanan ang luwalhati ng Diyos. Hindi niya nasusumpungan ang daan patungo sa Diyos. Kailangan niya ang liwanag. Noong binigyan ni Cristo ng paningin ang taong bulag, hindi naniwala ang mga kaibigan niya. Sinabi nila na si Cristo ay isang makasalanan dahil sa Siya ay nagpagaling sa araw ng Sabbath (b. 16 at 24). Natitiyak ng lalaki na nakatanggap siya ng liwanag at si Jesus ay nagmula sa Diyos (b. 33). Pagkaraan ay pinalayas mula sa sinagoga and taong pinagaling.

Pinuntahan ni Jesus ang lalaki upang tulungan siya at ipinahayag sa kaniya na si Cristo ang Anak ng Diyos (b. 35 at 37). Nagpatuloy ang mga Fariseo sa kanilang pagiging bulag, sa paniniwalnag si Cristo ay isang tao lamang.

IBINIBIGAY NG MABUTING PASTOL ANG KANIYANG BUHAY PARA SA MGA TUPA,
kapitulo 10

Si Jesus ang Mabuting Pastol na nag-aalaga at nagpapakain sa Kaniyang mga tupa. Marami ang gustong magnakaw at magwask sa mga tupa (b. 10 at 11). Iniigatan ng Mabuting Pastol ang mga tupa Niya.

Handang ibigay ni Cristo ang buhay Niya para sa mga tupa (b. 11). Namatay Siya sa krus para sa ating mga kasalanan. Iniibig Siya ng Diyos dahil sa inialay Niya ang Kaniyang buhay para sa atin (b. 17). Ang Diyos

ay may kapangyarihan na ialay ang Kaniyang buhay at Siya at may kapangyarihan na kunin itong muli. Ang Kaniyang mga tupa ay nakikinig sa Kaniyang tinig at sumusunod sa Kaniya (b. 27).

Ikaw ay maaring maging isa sa mga tupa Niya kung makikinig ka sa Kaniyang tinig sa Ebanghelyo at tutugon. Kung ikaw ay tutugon, mapapasa iyo ang walang-hanggang buhay at walang taong makakayang agawin ka sa Kamay ng Ama (b. 28, 29). Si Cristo at ang Kaniyang ama ay iisa.

Hindi sumampalataya ang mga Judio sa Mabuting Pastol; datapuwa't maraming sumunod kay Cristo (b. 42). Ganito rin sa panahong ito. Maraming nagbabasa ng at nakakarinig sa Salita ng Diyos. May mga sumasampalataya at naliligtas. Ang mga iba ay hindi sasampalataya at dahil dito sila ay naliligaw.

SINA LAZARO AT MARIA

Mga Panuto sa Mag-aaral:

1. Basahin ang Ebanghelyo ni Juan, kapitulo 11 at 12.
2. Basahin ang araling ito.
3. Sagutin ang mga tanong sa Pagsusulit 7.

Ang Anak ng Diyos ay ang Mabuting Pastol. Ibinigay Niya ang Kaniyang buhay para sa mga tupa. Nakikinig sila sa Kaniyang tinig at sumusunod sa Kaniya. Nagbibigay Siya ng walang-hanggang buhay sa lahat ng mga sumasampalataya sa Kaniya.

IBINABANGON NG ANAK NG DIYOS ANG ISANG TAO MULA SA MGA PATAY, kapitulo 11

Sa bayan ng Betania ay may dalawang babaeng magkapatid, sina Maria at Marta. Ang kanilang kapatid na si Lazaro ay may sakit at namatay. Alam nina Marta at Maria na kung naroon sana si Jesus, ang kanilang kapatid na lalaki ay hindi namatay (b. 21 at 32). Sinabi ni Jesus kay Marta, “Ako ang pagkabuhay na muli, at ang buhay: siya na nananampalataya sa akin, bagama’t siya ay patay na, gayunman siya ay nabubuhay.”

Pumunta si Jesus sa libingan ni Lazaro at Siya ay nagsalita sa malakas ng tinig, “Lazaro, lumabas ka.” Sa ganitong paraan, si Lazaro ay tumanggap ng buhay, bumangon at lumabas mula sa libingan. Marami sa mga Judio ang nanampalataya sa Kaniya, ngunit ang mga Fariseo ay hindi pa rin nananampalataya.

Lahat ng mga tao ay makasalanan. Sila ay mga patay sa kasalanan at walang buhay. Tanging ang Anak lamang ang nakakapagbigay ng buhay. Isang araw, lalabas mula sa mga patay ang lahat ng mga tao at tatayo sa harap ng Diyos. Sa panahong iyon, huli na ang pagliligtas. Ngayon na ang panahon para maligtas.

MAY MGA TAONG NAGBIBIGAY-LUWALHATI SA PANGINOONG JESUS, kapitulo 12

Likas para kina Maria at Marta na ibigin ang Panginoong Jesus dahil sa muli Niyang binuhay ang kanilang kapatid na lalaki. Bilang parangal kay

Cristo, gumawa sila ng hapunan, at pinahiran ni Maria ng isang natatanging unguwento ang Kaniyang mga paa. Ang ginawang ito ni Maria ay pinuna ni Judas, isang magnanakaw at isa sa mga labindalawang disipulo (b. 5).

Pagkaraan ay pumunta si Cristo sa Jerusalem. Maraming mga tao ang kumuha ng mga sanga ng puno ng palma at tinanggap si Cristo sa mga daan at niluwalhati Siya (b. 12-16). May mga Griyego rin na pumunta upang makita si Cristo. Sinabi ni Cristo sa mga tao na kailangan ay mamatay Siya (b. 24). Mula sa langit ay nagsalita ang Diyos at pinatotohanan na si Cristo ay Kaniyang Anak at Siya ay niluluwalhati sa pamamagitan Niya (b.28).

Ang mga iba ay nanampalataya sa Kaniya ngunit sila ay natakot sa mga Fariseo at hindi Siya ipinahayag (b. 42). Inibig nila ang papuri ng mga tao nang higit kaysa sa papuri ng Diyos (b. 43). Isinugo ng Diyos ang Kaniyang Anak sa sanlibutan at sinabi ni Jesus, “Siya na nananampalataya sa akin, ay hindi nananampalataya sa akin, kundi sa Kaniya na nagsugo sa akin” (b. 44). Mananampalataya ka na ba ngayon sa Kaniya?

Walang ibang daan. Nanapuspusin ang mga nananampalataya sa Kaniya. Pagkaraan ay ibinigay Niya sa Kanila ang Kaniyang kapayapaan (b. 27).

Napopoot ang Diyos dahil sa kasalanan. Subalit kung tinatanggap mo si Cristo, pinapatawad ng Diyos ang iyong mga kasalanan. At sa halip na takot, magkakaroon ng ganap na kapayapaan sa iyong puso at buhay. Lamapit ka na ngayon kay Cristo!

TINUTURUAN NI CRISTO ANG MGA DISIPULO NIYA

Mga Panuto sa Mag-aaral:

1. Basahin ang Evangelhelyo ni Juan, kapitulo 13 at 14.
2. Basahin ang araling ito.
3. Sagutin ang mga tanong sa Pagsusulit 8.

Nalalaman ng Anak ng Diyos ang lahat ng mga bagay. Nalalaman Niya ang nasa loob ng mga taong nananampalataya sa Kaniya. Nalalaman din Niya ang lahat na magaganap pagkatapos. Nalalaman ni Cristo ang Diyos at naipapakita Niya sa mga tao ang daan tungo sa Diyos.

NAGBABALIK SI CRISTO SA LANGIT, kapitulo 13

Si Cristo ay nagbuhat mula sa Diyos at magbabalik sa Kaniya (b. 13). Gayon pa man, handa Niyang gawin ang ginagawa ng isang lingkod at hinugasan Niya ang mga paa ng Kaniyang mga disipulo.

Inialay ni Cristo ang Kaniyang buhay at ang Kaniyang Dugo upang linisin tayo mula sa ating mga kasalanan. Sa bersikulo 10, sinabi Niya na ang sinumang nahugasan na ay malinis na ang bawat bahagi. At bersikulo 15, sinabi ni Cristo na dapat tayong maglingkod sa isa't isa gaya ng ibinigay Niyang halimbawa.

Nalalaman ng Anak ng Diyos kung sino ang magkakanulo sa Kaniya at magdadala sa Kaniya sa mga taong gustong pumatay sa Kaniya . Siya ay si Judas, isa sa mga disipulo. Nais malaman ni Juan, isa ring disipulo, kung sino ang taong iyon. Sumagot si Jesus na siya ay ang dispulong bibigyan Niya ng tinapay (b.26). Sinabi ni Pedro na iaalay niya ang kaniyang buhay para kay Cristo. Sumagot si Cristo na Siya ay itatatuwa ni Pedro (b. 38).

SI CRISTO AY BABALIK NA MULI, kapitulo 14

Nang sinabi ng Panginoon sa mga disipulo na Siya ay mamamatay, nalungkot sila. Pagkatapos ay sinabi Niya sa kanila na huwag silang mabagabag at Siya ay babalik na muli (b. 3).

Sa bersikulo 6, sinasabi ng Anak ng Diyos na Siya lamang ang tanging daan tungo sa langit. Sinasabi rin Niya na walang taong makakalapit sa

Ama kundi sa pamamagitan Niya. Ang tanging daan tungo sa Ama ay sa pamamagitan ni Cristo dahil sa Siya ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay. Walang ibang daan. Nanapuspusin ang mga nananampalataya sa Kaniya. Pagkaraan ay ibinigay Niya sa Kanila ang Kaniyang kapayapaan (b. 27).

Napopoot ang Diyos dahil sa kasalanan. Subalit kung tinatanggap mo si Cristo, pinapatawad ng Diyos ang iyong mga kasalanan. At sa halip na takot, magkakaroon ng ganap na kapayapaan sa iyong puso at buhay. Lamapit ka na ngayon kay Cristo!

ANG TUNAY NA PUNO NG UBAS

Mga Panuto sa Mag-aaral:

1. Basahin ang Ebanghelyo ni Juan, kapitulo 15 at 16.
2. Basahin ang araling ito.
3. Sagutin ang mga tanong sa Pagsusulit 9.

PAANO MAGING MALINIS, kapitulo 15

Si Jesus ay katulad ng isang puno na nagbibigay ng buhay sa mga sanga. Gayon pa man, upang maging malapit kay Cristo, mahalaga ang maging malinis. Hinahawaan at dinudungisan ng kasalanan ang ating puso, at ang kasalanan ay kinapopootan ng Diyos. Kung ganoon paano tayo maging malapit kay Cristo?

Sa bersikulo 3, nababasa natin na nagagawa tayong malinis sa pamamagitan ng Salita. Maraming bagay tungkol sa Diyos ang itinuturo ni Cristo sa Ebanghelyo ni Juan. Matatandaan natin na Siya ay tinatawag na Salita ng Diyos sa kapitulo 1. Ang mga araling ito at ang Ebanghelyo ni Juan ay makakatulong sa iyo upang malaman mo na ikaw ay ginagawang malinis ng Diyos.

Sa bersikulo 13, nababatid natin na walang may higit na dakilang pag-ibig na tao kaysa sa taong nag-aalay ng kaniyang buhay para sa kaniyang mga kaibigan. Iilan lamang ang mga taong handang mag-alay ng kanilang buhay para sa isang kaibigan. At ang isa pang pambihirang bagay ay ibinigay ni Cristo ay higit na dakila kaysa sa pag-ibig ng sinumang tao.

Sa kabila ng lahat ng mga ito, maraming tao ang namumuhi sa Diyos at sila ay laban sa Kaniyang Anak. Siya na laban sa Diyos ay laban din kay Cristo. Si Cristo lamang ang bugtong na isinilang na Anak ng Diyos at ang taning daan tungo sa Diyos Ama.

TINUTURUAN NI CRISTO ANG KANIYANG MGA DISIPULO, kapitulo 16

Gawain ng Espiritung Banal ang mang-aliw sa mga taong nananampalataya kay Cristo (b. 7). Gawain din ng Espiritung Banal ang sawayin ang sanlibutan tungkol sa kasalanan (b. 8).

Kung nalalaman mo na ikaw ay isang makasalanan, manampalataya ka na ngayon kay Cristo.

Ibinigay ng Ama ang lahat ng mga bagay sa Anak (b. 15). Sa dahilang ito, nalalaman natin na iniibig ng Diyos ang Anak. Bunga nita, ang pagtanggap kay Cristo ay pagtanggap sa Diyos, ang pagtangga kay Cristo ay pagtangga sa Diyos.

Muli sa bersikulo 28, maliwanag na sinasabi ng Panginoon na Siya ay nagbuhat mula sa Ama at babalik sa Ama. Si Cristo lamang ang tanging Anak ng Diyos, at Siya ang tanging Tagapagligtas ng sanlibutan. Nananampalataya ang mga disipulo na si Cristo ang nakakaalam ng lahat ng mga bagay at nagbuhat mula sa Diyos (b. 30). Ikaw ba ay naniniwala?

NANANALANGIN SI CRISTO PARA SA KANIYANG MGA DISIPULO

Mga Panuto sa Mag-aaral:

1. Basahin ang Ebanghelyo ni Juan, kapitulo 17.
2. Basahin ang araling ito.
3. Sagutin ang mga tanong sa Pagsusulit 10.

Sa kapitulong ito, matatagpuan natin ang mga salitang sinabi ni Cristo sa panalangin Niya sa Diyos na Kaniyang Ama (b. 11).

ANG GINAWA NI CRISTO PARA SA ATIN, bersikulo 1-8.

Nagbigay ang Diyos ng kapangyarihan sa Kaniyang Anak upang si Cristo ay magkaloob ng walang-hanggang buhay. Hindi ibinigay ng Diyos ang kapangyarihang ito sa iba. Tanging si Cristo lamang ang makakapabigay sa atin ng buhay. Ang walang-hanggang buhay ay ang pagkilala sa tunay at tanging Diyos at Tagapagligtas, si Jeus-Cristo na isinugo ng Diyos (b. 3). Makikilala mo si Cristo sa pamamagitan ng Salita at magkakaroon ka ng walang-hanggang buhay.

Upang mabigyan tayo ng buhay, kinailangang ibigay ni Cristo ang Kaniyang sariling buhay. Pinatunayan ng Diyos na dahil sa kasalanan, ang lahat ay kailangang mamatay. Wala tayong magagawa para mailigtas ang ating mga sarili. Nagawa at natapos ni Cristo ang lahat ng mga bagay na kailangan upang maganap ang ating kaligtasan (b. 4). Labis tayong inibig ng Diyos kung kaya't itinakda Niya ang gawaing ito sa Kaniyang Anak.

Ibinigay ng Diyos Ama sa Anak ang mga salita upang ibigay sa atin (b. 18). Si Cristo ang Salita ng Diyos at dumating Siya sa sanlibutan para sabihin sa atin ang pag-ibig ng Diyos. Tinanggap ng mga disipulo ang mga salitang ibinigay ni Cristo. Nanampalataya sila na si Cristo ay nagbuhat mula sa Ama.

ANG GINAGAWA NI CRISTO NGAYON PARA SA ATIN, bersikulo 9-21.

Si Cristo ay namatay para sa ating mga kasalanan at muling nabuhay mula sa mga patay. Pagkaraan ay bumalik Siya sa Ama sa Langit. Siya ay

naluluklok sa kanan ng Ama sa kamahalan at kaluwalhatian. Ano na ngayon ang ginagawa ni Cristo? Kapag natapos na natin ang isang gawain, kadalasan ay nagpapahinga tayo. Si Jesu-Cristo ay nananalangin ngayon para sa mga taong nananampalataya sa Kaniya (b. 9). Kailanman ay hindi Siya napapagod o kaya ay kinakailangang magpahinga. Araw at gabi ay walang tigil na nananalangin si Cristo para sa Kaniyang mga tao. Hindi natin kailangan ang ibang tao upang manalangin para sa atin. Hindi natin kailangan ang isang lalaki o babae upang mamagitan para sa atin. Hindi natin kailangang ipagtapat ang ating mga kasalanan sa isang tao, maliban sa Diyos. Tanging ang Diyos lamang ang nakakapagpatawad ng kasalanan. Si Cristo ang tagapamagitan sa pagitan ng Ama at ng tao.

ANG GAGAWIN NI CRISTO PARA SA ATIN, bersikulo 22-26.

Tayo ay inibig ni Cristo at namatay Siya para sa atin. Wang pag-aalinlangan na nais Niyang makasama tayo kung saan Siya naroroon. Sa bersikulo 24, nananalangin Siya na sana ay makasama natin Siya. Hindi magiging ganap ang pakikisama natin kay Cristo hangga't hindi tayo magkakasama. Babalik si Cristo para sa atin upang isama Niya tayo sa harapan ng Ama. Mahal na Kaibigan, kung kailanman ay hindi mo pa tinatanggap si Cristo bilang iyong tangi, lubus-lubos, at sariling Tagapagligtas, wala kang bahagi sa Ama at sa Anak. Kaya, bakit hindi mo tanggapin si Cristo ngayon na?

MGA PANUTO SA MAG-AARAL

Mga Panuto sa Mag-aaral:

1. Basahin ang Ebanghelyo ni Juan, kapitulo 18 at 19.
2. Basahing mabuti ang araling ito.
3. Sagutin ang mga tanong sa Pagsusulit 11.

Dinadala tayo ng araling ito sa kamatayan ng Panginoong Jesu-Cristo. Marahil naitanong mo sa iyong sarili kung bakit ang isang tao tulad ng Anak ng Diyos ay kailangang mamatay. Nakita natin na ang Anak ng Diyos ay nagkatawang-tao upang Siya ay mamatay para sa mga tao.

SI CRISTO SA HARAPAN NG MGA TAONG HUKOM, kapitulo 18, bersikulo 1-27

Pagkatapos Niyang mamagitan para sa mga disipulo, si Cristo ay pumunta sa isang hardin upang muling manalangin. Nakipagsabuwatan si Judas sa ilang mga saserdote na dadalhin niya si Cristo sa kanilang mga kamay. Hindi lumaban o nagtangkang tumakas ang Panginoong Jesus. Kusa Siyang sumama sa mga taong dumating para huluhin Siya.

Habang si Cristo ay tinatanong, Siya ay itinatuwa ni Pedro nang tatlong ulit (b. 17, 25, 27).

SI CRISTO SA HARAPAN NI PILATO, kapitulo 18, bersikulo 18 hanggang kapitulo 19, bersikulo 16.

Nais patayin ng mga Judio si Cristo ngunit wala silang kapangyarihan na gawin ito. Si Pilato na taga-Roman hukom sa buong Israel ang siyang may kapangyarihan. Pagkatapos tanungin ni Pilato si Cristo, nasumpungan niya na walang kasalanan si Cristo at ninais niyang palayain Siya. Subalit nais ng mga tao ang kamatayan ni Cristo. Sumigaw sila at hiniling ang pagpapalaya kay Barabbas, isang magnanakaw (b. 40).

SI CRISTO AY NAMAMATAY SA KRUS, kapitulo 19, bersikulo 17-42.

Dinala si Cristo sa labas ng lunsod. Ipinako sa krus ang Kaniyang mga kamay at paa. Habang Siya ay nasa matinding paghihirap at pagdurusa sa krus, naalaala Niya ang Kaniyang ina at gumawa Siya ng paghahanda para sa kaniya (b. 26-28). Sa bandang huli ay isinigaw Niya, “Ito ay natapos na”

(b. 30), at ibinigay Niya ang espiritu. Dumating ang isang kawal at inulos Siya ng sibat sa tagiliran. At pagkatapos ay ipinakilala ni Jose na taga-Arimatea ang kaniyang sarili kay Pilato at nakiusap siya na makuha ang katawan ni Jesus. Dumating si Nicodemo at tumulong siya kay Jose na ihanda ang katawan ni Cristo sa paglilibing. Inihimlay nila ang katawan ni Cristo sa isang bagong libingan na may hardin sa di-kalayuan.

Nakita natin kung paano tinulungan ni Judas ang mga taong namumuhi kay Jesus; kung paano hinangad ng mga Judio ang kamatayan ni Jesus, at kung paano, sa bandang huli ay ibinigay Siya ni Pilato sa mga Judio para ipako sa krus. Ikaw ba ay kabilang sa mga taong umiibig kay Cristo o sa mga namumuhi sa Kaniya?

SI CRISTO AY BUMABANGON MULI MULA SA MGA PATAY

Mga Panuto sa Mag-aaral:

1. Basahin ang Ebanghelyo ni Juan, kapitulo 20 at 21.
2. Basahing mabuti ang araling ito.
3. Sagutin ang mga tanong sa Pagsusulit 12.
4. Ang mga bahaging naglalaman ng pasusulit lamang ang ipadala upang masuri ang mga sagot.

Ang Salita ng Diyos ay naging laman at nanahan sa gitna ng mga tao. Ipinakita Niya sa sanlibutan ang pag-ibig ng Diyos ngunit Siya ay kinapootan ng marami. Dinala Siya sa isang hukom at ang mga tao ay sumigaw para sa Kaniyang kamatayan. Namatay si Cristo subalit Siya ay binuhay na muli ng Diyos mula sa mga patay.

NAKIKITA NI MARIA MAGDALENA ANG PANGINOON, kapitulo 20, bersikulo 1-18.

Nang araw ng Linggo ay pumunta nang maaga si Maria Magdalena sa lugar kung saan naihimlay ang katawan ng Panginoon. Nakita niya ang bato na naalis mula sa pintuan ng libingan. Tumakbo siya para sabihin kina Pedro at Juan na ang katawan ay wala na sa kinalalagyan nito.

Umuwi ang mga disipulo sa kanilang sariling tahanan at si Maria Magdalena ay namalagi sa labas ng libingan at tumatangis. Si Jesus ay nagsalita sa kaniya, datapuwa't hindi niya alam na Siya nga ang nagsasalita (b. 16).

NAKIKITA NG MGA DISIPULO ANG PANGINOON, kapitulo 20, bersikulo 19-31.

Nagtipon ang mga disipulo sa isang silid na nasa itaas. Nakasara ito dahil sa natatakot sila sa mga Judio. Dumating ang Panginoong Jesus sa kalagitnaan nila at ipinakita Niya sa kanila na Siya ay buhay. Binati Niya sila ng mga salitang “Kapayapaan ang sumainyo.” Labis silang natuwa. Nang araw na iyon ay hindi nila kasama si Tomas, at hindi siya naniwala na ang Panginoon ay muling nabuhay. Pagkatapos ng walong araw ay nagpakita muli sa mga disipulo ang Panginoon. Sa sandaling iyon ay kasama na nila si

Tomas. Iniharap ng Panginoon ang kaniyang sarili kay Tomas na nanggilalas dahil sa hindi siya makapaniwala. Sumigaw si Tomas, “Aking Panginoon at aking Diyos.”

NANGINGISDA ANG MGA DISIPULO, kapitulo 21.

Pagkaraan ay umalis ang mga disipulo upang mangisda. Nangisda sila nang buong gabi. Gayon pa man, wala silang anumang nahuli. Nang sumapit ang umaga, nakita nila ang Panginoon na nakatayo sa tabing-dagat sa tabi ng baga ng mga uling. Sinabi Niya sa kanila na ihagis ang lambat nila sa kanang tagiliran ng basnig. Nakahuli sila ng maraming isda. Muli, nalaman nila na ito ang Panginoon. Inihanda ni Jesus ang isda at sila ay magkakasalong kumain.

Pagkatapos nito ay tatlong ulit na tinanong ng Panginoon si Simon Pedro, “Simon, na anak ni Jonas, iniibig mo ba ako nang higit kaysa sa mga ito?” At sinabi ng Panginoon kay Pedro, “Pakainin mo ang aking mga tupa” (b. 15-17).

Ang aklat na ito ay sinulat ng disipulong si Juan (b. 24).

Higit na marami pang mga bagay ang itinuro at ginawa ni Cristo kaysa sa mga naisulat sa aklat na ito (b. 25).

Kung nananampalataya ka kay Jesus bilang Anak ng Diyos, ikaw ay maliligtas na ngayon at magkakaroon ka ng walang-hanggang buhay.

“Ako ang Pagkabuhay na Muli at and Buhay” (11:25). Kung tayo ay nananampalataya sa Kaniya, magkakaroon tayo ng walang-hanggang buhay.

AT NGAYON.....

ANO ANG KASUNOD?

Binabati ka namin sa pagtatapos mo sa kursong ito sa buhay ng Panginoong Jesu-Cristo. Pagkatanggap namin ng mga pagsusulit mo, susuriin namin ang mga sagot mo at ipapadala sa iyo ang susunod na kurso sa seryeng ito. Maraming mga kurso ang inihahandog namin an tiyak na may kapakinabangang esirituwal para sa iyo.

Ang kursong ito ang una sa mga seryeng inihahandog sa correspondence sa:

Educational Courses

P.O. Box 0623

Cagayan de Oro 9000

Mindanao, Philippines